REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-119**

**KAPASIYAHAN PARA SA PANGSANG-AYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PANUKALANG PAGTATAYO NG VOCATIONAL SCHOOL NG DUAL-TECH TRAINING CENTER SA BAYAN NG MUNTINLUPA AT PAGBIBIGAY KARAPATAN DIN SA SANGGUNIANG BAYAN NA MAKAHANAP NG ISANG PAARALAN O LUGAR NA PAGTATAYUAN NG NASABING VOCATIONAL SCHOOL.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, lubhang napakarami na ang ating mga kabataang tapos ng mataas na paaralan subalit hindi makapag-aral dahil sa kahirapan ng mga magulang;

SAPAGKAT, ang bunton-buntong tapos ng High School at wala namang hanap-buhay ay mananatiling problema ng mga magulang at ng pamahalaan;

SAPAGKAT, ang ating mga kabataang tapos ng High School ay mahirap mapasok sa pabrika dahil sa kawalan ng skill sa trabaho;

SAPAGKAT, malaking kaluwagan sa ating mga magulang ang pagpapaaral sa kanilang mga anak ng mga kursong vocational kung dito mismo sa Bayan ng Muntinlupa ay magkakaroon ng isang Vocational School na katulad ng DUAL TECH Training Center sa Makati;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa kasalukuyan ay walang kakayahang makapagpatayo ng isang Vocational School;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan ang pagsang-ayon sa panukalang pagtatayo ng Vocational School ng Dual Tech Training Center o lugar na pagtatayuan ng nasabing paaralan at pagbibigay ng karapatan sa Sangguniang Bayan na makahanap ng lugar na pagtatayuan ng nasabing vocational school.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang pitumpu't limang (75th) pangkaraniwang pulong ngayong ika-25 ng Septiyembre, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Panguleng Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**Pahina - 2 -**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**Kgg. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**Kgg. VICENTE YU CHUA**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN :**
**G. RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**RRC:vts**